
# Panday bakal

（Paggawa ng istraktura yari sa bakal）

Isang uri ng trabaho na nagpuputol, nagtutunaw, naghuhubog at nagbubuo ng bakal. Gumagawa rin ng balangkas na yari sa bakal ng mga matataas na gusali.



## Gawain ng panday bakal

### Benepisyo ng trabaho

Isang trabaho na nakakatulong sa lipunan dahil karamihan sa ginagamit na gusali tulad ng ospital, dyim at mga tindahan ay yari sa bakal ang balangkas.
Nakakatuwang gawin dahil paiba-iba ang niyayaring bakal na kailangan sa proyekto.

### Mga taong angkop sa trabahong ito

Mga taong mahilig sa mga gusali.
Mga taong mahilig lumikha ng mga bagay-bagay.
Mga taong mahilig bumuo ng mga plastic model na laruan.
Angkop din ang trabaho sa mga malawak ang imahinasyon dahil gumagawa rin ng plano ng disensyo.

### Para maging isang panday bakal

May iba't ibang uri ng trabaho sa pagpapanday ng bakal at mahalaga ang sertipikasyon ayon sa uri ng trabaho.
（Halimbawa）Tekniko sa paghihinang/welding
…Pagkatapos makakalap ng karanasan sa pagawaan, maaaring makakakuha ng sertipikasyon kapag naipasa ang praktikal na eksam.



Tekniko sa paghihinang na popular sa mga dayuhan.



Taga-disenyo sa CAD na lumilikha ng plano sa kompyuter.

## Panayam kay Ginoong Takaaki Matsuo, Tagapamahalang Direktor, Shizuoka-ken Tekkō Kōgyō Kyōdō Kumiai




### Mahirap ba kapag walang alam tungkol sa trabaho?

Maaaring gawin ang iba't ibang uri ng trabaho lalo na ang paghihinang/welding na popular sa mga dayuhan.
Kahit ang mga hindi masyadong nakakapagsalita ng Nihongo ay maaaring makakuha ng sertipikasyon dahil kailangan lamang ipasa ang praktikal na eksam.

### Maaari bang makapagtrabaho kahit walang sertipikasyon?

Hindi kailangan ang sertipikasyon kapag nagsisimula pa lamang. Ngunit kapag magkaroon ng sertipikasyon, makikila bilang tekniko at tataas din ang kinikitang pera.
Mas mainam na kumuha ng sertipikasyon upang maitayo ang gusali na ligtas sa sakuna.

### Ano ang maaari kong gawin sa ngayon?

Kapag may nakita kang gusali na itinatayo, bisitahin ito nang madalas para makita mo ang mga pagbabago at magkaroon ng pag-unawa sa proseso ng konstruksiyon.
Mayroon ding pagbisita at pagkakataon na maranasan ang trabaho sa pagawaan ng bakal para sa mga interesado sa paghihinang/welding.

**Message**

Ang panday bakal ay isang trabaho na sulit gawin dahil alinmang uri ng trabaho na napapaloob dito ay kailangan ng teknikal na kaalaman at kakayahan. Kung may kagustuhan na gawin ang trabaho, hindi mahalaga ang nasyonalidad, pinag-aralan o kasarian. Maaaring makapagtrabaho at makapag-ipon ng pera. Maraming dayuhan ang aktibo bilang panday bakal kaya huwag mabahala at subukan mo ito.

Kapag interesado sa trabahong ito

Telepono

Shizuoka-ken Tekkō Kōgyō Kyōdō Kumiai

Tel　054-275-3001